# Parokya ni Seňora del Pilar

*Joseph C. Eco, EdD*

Hindi ako mahilig magsimba
O ang tapusin ang misa tuwing linggo.
Hindi ako pumapasok at umuupo,
Ni hindi ko sinusubukang lumuhod sa luhuran
Na ubod ng dumi at alikabok.
Hindi ako naeenganyo sa maduming kisame
Na kakikitaan ng mga lumipad na lobo.
Mainit sa aming parokya
Na tila hindi simbahan.
Kulang sa bentilador, bagama't may bentilasyon.
Sobrang init na tatagatak sa pawis
Na tutulo naman sa sahig nitong biyak.
Ayaw kong hawakan ang makikinang na bahagi
Sa aming simbahan
Dahil takot akong masugat.
May mga kung anong hati at hiwa na dumadausdos
Sa mga muwebles at niyayakap ang mga ito na badya ng dugo.
'Di ako nagsisimba dahil 'di ko rin naman maintindihan
Ang mga sermon at pangaral na galing sa kaparian.
Mahina ang tunog ng mikropono at tila bulol ang labas

Ng mga salitang nanggagaling rito.
Ngunit,
Nagbago ang lahat.
Ang isang simbahang puno ng pintas ay tila nahilamusan
Gamit ang ambag na tulong ng mga parokyanong naghahangad
Ng mas nakakaenganyong tanawin.
Malinis na ang parokya.
Napalitan na ang sahig na sira-sira
At nilapatan ng mas bago.
Ang kisame ay dumudungaw na ng may kasamang kulay
At ang mga guhit na dati'y linya lamang
Ang mayroon ng buhay.
May malaking elising umiikot
Na siya namang nagbibigay hangin sa nakikiisa
Sa katawan ng Tagapagligtas.
Hindi na rin alikabok ang bumabalot sa mga luhuran
Na dinamitan ng bagong tahing tela
Na umangkop rin naman sa mga bagong upuan.
Ang boses ng naghahayag ay dinig na
At ang mga salita'y malinaw na lalong humihikayat
Sa sambayanang magtungo at maglaan ng panahon.
Maayos na ang takbo ng tunog ng mga mikropono
Pagkat 'di na ito pumapalyang maghatid ng magandang balita.

Ayos na ang lahat.
Nakukuha na ang atensyon ng madla
Na siya namang intensyon ng pagsimba.
Pero pag may pangaral at pagbabasa
Ay 'di ko mapigil ang tanawin ang kisame,
Ang damhin ang maayos na upuan, matakot sa pagkahulog
Ng malaking bentilador, ang patunugin ang mga yapak
Sa bagong gawang sahig, ang kutsain ang tinig ng mambabasa
Na minsa'y 'di angkop sa okasyon at ang ipagsawalang bahala
Ang kung ano ang tunay na dahilan ng pagsimba.
Muli akong natigilan.
Hindi pa nga pala ako ganap na nagsisimba
Pagkat ang simbahan ang hinabol ko
Ang bagong nitong mukha, pero kailanman
Ay hindi ang aking pananampalataya.